

New Testament History I

Homework

Introduction

1. Ano ang intertestamental period?
2. Ano ang tawag sa pangangalat ng Hebrew community sa iba't ibang dako ng mundo?
3. Ano ang nasaksihan ng mga Judio sa loob ng 400 na taon?
4. Ano ang tawag sa kulturang dinala ni Alexander the Great sa mga lugar na kanyang sinakop?
5. Ano ang naging resulta ng pagpapabilis ni Antiochus ng Hellenization sa Palestine?
6. Sino ang nanguna sa Maccabean Revolt laban kay Antiochus IV?

Part One: Early Years to first Passover

7. Bakit biniyayaan ng Diyos ng anak sina Zacarias at Elizabeth kahit sila ay matanda na?
8. Bakit si Maria ang naging ina ni Jesus?
9. Dapat ba nating sambahin si Maria dahil siya ang nagdalang-tao kay Jesus? Ipaliwanag ang iyong sagot.
10. Ilang araw si Jesus nang siya ay tuliin?
11. Bakit tumakas sina Joseph, Mary at Jesus sa Egypt?
12. Bakit threat si Jesus kay Haring Herod?
13. Bakit dinala nina Mary at Joseph si Jesus sa Templo ng Diyos?
14. Ano ang ibig sabihin ni Jesus ng sinabi niya kay Maria na *"Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi po ba ninyo alam na ako'y dapat mamalagi sa bahay ng aking Ama?"*
15. Sino si John the Baptist?
16. Bakit kailangang bautismuhan si Jesus? Sino ang nagbautismo sa Kanya?
17. Ano ang nangyari matapos bautismuhan ni John si Jesus?
18. Ano ang katangiang taglay ni Jesus habang siya ay lumalaki?
19. Ano ang pahayag ni Propeta Isaiah patungkol John?
20. Ilang beses tinukso ng diyablo si Jesus? Isulat ang mga panunuksong ginawa ng diyablo.
21. Ano ang ginamit ni Jesus upang labanan ang panunukso ng diyablo?
22. Kapag ikaw ay tinukso ng diyablo, ano ang iyong nararapat gawin?
23. Bakit hindi tinanggap ng taga-Nazareth si Jesus?
24. Ano ang ibig sabihin ni Jesus ng sabihin niya kay Andrew at Simon Peter na *silang gagawin niyang mangingisda ng mga tao?*
25. Ipaliwanag ang sinabing ito ni John the Baptist, *"Siya ang dapat maitaas at ako ang dapat maibaba."*
26. Ano ang tinutukoy ni Jesus nang sabihin niyang *"wasakin nila ang templong ito at sa loob ng tatlong araw ay muli Niya itong itatayo."*
27. Ipaliwanag ang katagang *"malibang ipanganak na muli ang isang tao, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos."*
28. Ano ang pagpapalang matatanggap ng taong naniniwala kay Jesus? Ano naman ang mapapala ng mga taong sumusuway kay Jesus?

29. Ayon kay Jesus, paano ang tunay na pagsamba?
30. Kanino ibinigay ng Ama ang paghuhusga?
31. Ano ang matatamo ng makakarinig ng salita ni Jesus at nagtitiwala sa nagsugo sa Kanya?

Part Two: Second Passover and Village Ministries

32. Ano ang babala ni Jesus sa mga bayang ayaw magsisi?
33. Ano ang sinabi ni Jesus sa mga tao na labis nang nahihirapan at lubhang nabibigatan sa kanilang mga pasanin?
34. Nang si Jesus ay inanyayahan ni Simon na Parieso upang saluhan sila sa pagkain, ano ang hindi ginawa ni Simon kay Jesus na ginawa naman ng isang makasalanang babae na lumapit sa kanila?
35. Bukod sa labindalawang disipulo, sino pa ang mga nakasama ni Jesus sa kanyang mga paglalakbay o misyon?
36. Ano ang sinabi ni Jesus patungkol sa paglapastangan sa Espiritu Santo?
37. Ipaliwanag ang pahayag na ito ni Jesus: *“May mga lungga ang mga asong gubat at may pugad ang mga ibon, ngunit wala man lamang matulugan o mapagpahingahan ang Anak ng Tao.*
38. Ipaliwanag ang sinabing ito ni Jesus: *“Sumunod ka sa akin at ipaubaya mo sa mga patay ang paglilibing ng kanilang mga patay.”*
39. Ano ang mensaheng nakapaloob sa sinabi ni Jesus na *“napakaraming aanihin ngunit kakaunti ang mag-aani.”*
40. Sino-sino ang labindalawang disipulo na isinugo ni Jesus ng dala-dalawa?
41. Ano ang ipinahahanap ni Jesus sa Kanyang mga isinugo? Ano pa ang Kanyang ipinagagawa sa kanila?
42. Sa paanong paraan namatay si John the Baptist?
43. Ano ang tinutukoy ni Jesus na pampaalsang ginagamit ng mga Pariseo at mga Saduseo?
44. Basahin mo ito: *Sinumang nagnanais sumunod sa Akin ay kailangang itakwil ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa Akin. Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa Akin ay magkakamit nito. Sapagkat ano ba ang mapapala ng isang tao makamtan man niya ang buong daigdig, ngunit mapapahamak naman ang kanyang kaluluwa? Ano ang maibibigay ng isang tao kapalit ng kanyang buhay? Ang sinumang ikahiya Ako at ang Aking mga salita ay ikahihiya Ko rin sa kaluwalhatian ng Ama kasama ang mga anghel. Ipaliwanag ang talatang iyong nabasa.*
45. Ano ang sinabi ng Panginoon patungkol sa childlike faith?
46. Ano ang iyong dapat gawin kung magkasala ang isa sa iyong kapatid?
47. Ano ang sinabi ni Jesus patungkol sa dalawa o tatlong nagkakatipon sa pangalan Niya?
48. Ano ang iniulat ng pitumpu't dalawa na isinugo ni Jesus?
49. Ano ang sinabi ni Jesus sa pitumpu't dalawa na mas dapat nilang ikagalak?
50. Sino si Mary at Martha? Ano ang katangiang nakita mo sa kanila?
51. Paano makikilala ang isang tunay na Pastol at tunay na Tupa?
52. Bakit hindi pa rin pinaniwalaan ng mga tao si Jesus sa kabila ng mga himalang nagawa Niya?

53. Ano ang mangyayari sa mga taong mapagmataas at sa mga taong mapagpakumbaba?
54. Ipaliwanag ang talatang ito na sinabi ni Jesus. *Hindi Ko maaaring maging alagad ang sinumang umiibig sa kanyang ama at ina, asawa't anak, mga kapatid, at maging sa sarili niyang buhay nang higit sa Akin. Ang hindi magpasan ng sarili niyang krus at sumunod sa Akin ay hindi karapat-dapat sa Akin.*
55. Ano ang matututunan sa kuwento ni Lazarus?
56. Sino si Zacchaeus? Paano niya nakilala si Jesus?
57. Ano ang pinakamahalagang utos at ang pangalawang mahalagang utos?
58. Bakit sinabi ni Jesus na ang handog ng biyuda ang higit pa kaysa handog ng iba?
59. Ano ang mga palatandaan ng muling pagbabalik ni Jesus at ng katapusan ng mundo?
60. Sa araw ng Paghuhukom, paano paghihiwalayin ng Diyos ang mga tupa sa mga kambing?
61. Sa iyong palagay, si Cristo ba ay malapit na muling magbalik? Ipaliwanag ang iyong sagot.

Part Three: The Third and Final Passover, Death, Burial of Jesus

62. Sino ang nagkanulo kay Jesus? Ano ang kapalit ng kalapastanganang ginawa niya?
63. Ano ang nais ipabatid sa atin ni Jesus nang sinabi niya *na ang alipin ay hindi nakakahigit sa kanyang panginoon, ni ang sinugo kaysa sa nagsugo sa kanya.?*
64. Ano ang pangako ni Jesus patungkol sa Banal na Espiritu?
65. Lahat ba ng tao na nandito sa sanlibutan ay ibinigay ng Diyos Ama kay Jesus? Ipaliwanag ang iyong sagot.
66. Sa paanong paraan nadakip si Jesus?
67. Bakit kailangang mangyari na si Jesus ay mapasakamay ng mga taong makasalanan?
68. Ilang beses ipinagkaila ni Peter si Jesus? Sa iyong palagay bakit ipinagkaila ni Peter si Jesus?
69. Ano ang mga dinanas ni Jesus sa mga makasalananang tao?
70. Sa paanong paraan nagsisi si Judas sa kanyang mga kasalanan?
71. Sa iyong palagay, kalugod-lugod ba sa harapan ng Panginoon ang ginawang pagpapakamatay ni Judas?
72. Sino si Barabbas?
73. Bakit kailangang mapako si Jesus sa Krus ng kalbaryo?
74. Ano at sino ang ipinanalangin ni Jesus nang Siya ay ipinako sa Krus?
75. Ano ang nangyari nang malagutan na ng hininga ang Panginoong Jesus?

The Resurrection

76. Sino-sino ang nagpunta sa libingan ni Jesus nang unang araw ng lingo?
77. Ano ang sinabi ng anghel kina Mary nang Makita nilang wala na ang katawan ni Jesus sa kanyang libingan?
78. Sino ang nasalubong nina Mary Magdalene pag-alis nila sa libingan ni Jesus? Ano ang sinabi sa kanila?
79. Ano ang ipinahayag ni Jesus sa kanyang mga alagad bago siya umakyat sa langit?
80. Sino ang sinabayan ni Jesus sa paglalakad patungo sa bayan ng Emmaus? Nakilala ba nila siya?
81. Kailan nakilala nina Cleopas at Simon na si Jesus pala ang kanilang kasama?

The early years of Christianity

82. Nangyari ba ang sinabi ni Jesus na siya ay muling mabubuhay sa ikatlong araw?
83. Ano ang ginawa ng mga punong pari nang nalaman nila na si Jesus ay nabuhay muli?
84. Sa huling sandali ng Panginoong Jesus sa lupa, bago Siya umakyat sa langit. Ano ang sinabi niya sa kanyang mga alagad?
85. Nang muling nabuhay si Jesus, kanino Siya nagpakita?
86. Bakit sinasabi ng iba na walang resurrection of the dead?
87. Sino si Luke?
88. Sa panahon natin ngayon, ang mga taong nag-eexercise ng speaking in tongue o ang pagsasalita ng iba't ibang wika ay mula pa rin ba sa Diyos? Bakit?
89. Sino si Peter at John?
90. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Peter at John, kaya mo rin bang ipagtanggol ang iyong pananampalataya kay Jesus?
91. Sino si Ananias at Sapphira? At ano ang dahilan ng kanilang pagkamatay?
92. Sino si Stephen, Philip at Simon?
93. Sino si Saul? Ano ang nangyari kay Saul bago siya gamitin ng Diyos upang maglaganap ng ebanghelyo?
94. Sino si Barnabas?
95. Paano nakalaya si Peter sa pagmamalupit ni King Herod?
96. Ano ang mga pag-uusig o paghihirap na naranasan nina Saul at Barnabas sa kanilang First Missionary Journey?
97. Bakit naghiwalay si Paul at Barnabas sa kanilang pangalawang Missionary journey?
98. Sino si Timothy? At bakit kailangan siyang tuliin?
99. Bakit dinakip si Paul at Silas ng sila ay patungo sa lugar ng panalanginan?
100. Ano ang kamangha-manghang ginawa ng Diyos nang sila Paul at Silas ay nasa kulungan?
101. Anong uri ng mga tao ang makikita natin sa Athens?
102. Ano ang nilalaman ng dalawang liham ni Paul para sa mga taga-Thessalonica?
103. Sino si Apollos?
104. Ano ang nilalaman ng liham ni Paul sa mga taga-Corinth?
105. Habang nakakulong si Paul sino sino pa ang kanyang mga sinulatan?
106. Ano ang matututunan sa buhay ni Saul (na tinawag ding Paul)?

Mga Pangako ni Jesus

107. Sa araw ng paghuhukom, ano ang gagawin ng Diyos sa mga tupa at sa mga kambing?
108. Sino ang tinutukoy ng Diyos na tupa at kambing?
109. Ipaliwanag ang Promise No. 1.
110. Ipaliwanag ang Promise No. 2.
111. Paano ka magiging ilaw ng sanlibutan?
112. Paano natin makikilala ang mga tunay na tupa ni Cristo?
113. Ano ang kalooban ng Diyos para sa mga tupa ni Cristo?
114. Ipaliwanag ang Promise No. 3.
115. Ano ang kabayaran ng kasalanan?
116. Ipaliwanag ang Promise No. 4.

117. Ipaliwanag ang Promise No. 5.
118. Ipaliwanag ang Promise No. 6.
119. Ipaliwanag ang Promise No. 7.
120. Ano ang mangyayari sa tupa kung siya ay mananatili kay Cristo?
121. Isulat ang mga pangako ni Cristo.

